# "Isang Hipo Lang"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
February 06, 2021

Ang kalungkutan ay isang bahagi ng buhay, tulad ng kaligayahan. Ito ay sakit ng damdamin na naiuugnay sa kawalan, kawalan ng pag-asa, kawalan ng kakayahan, at dusa at lungkot. Ngunit, ano ang mangyayari kung nabangga ni Jesus ang ating lungkot. Hindi tayo dapat matakot kung may matindi tayong pinagdadaanan dahil gagawin ng Diyos ang lahat para mabago ang ating buhay. "Ako'y sasainyo, huwag kang matakot" (Is. 41:10). Laging binabangga ni Jesus ang masasama, dahil buhay na ganap at kasiya-siya ang bigay Niya sa atin. Huwag tayong mamuhay sa loob ng isang kahon na punong-puno ng mga limitasyon. Isang hipo lang ang kailangan natin mula sa Taga-bigay ng Buhay para maibalik ang nawalang buhay.

**1.Binuhay muli ni Jesus ang anak ng babaing balo (Lk. 7:11-17)**

**1.1** Nagpunta si Jesus sa bayan ng Nain. Sumama sa kanya ang kanyang mga alagad at ang napakaraming tao. Nang malapit na sila sa pintuan ng bayan, nasalubong niya ang libing ng kaisa-isang anak na lalaki ng isang babaing balo. Nahahabag siya sa balo. Lumapit siya at hinipo ang kinalalagyan ng patay. Himalang bumangon ang patay at nagsalita; siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina. Hindi lang Niya iniligtas ang anak, kundi sinagip din niya ang balo sa matinding kalungkutan. Pinuri siya ng mga tao sa pagbisita niya sa kanila.

**2.Sa isang hipo lang, nagdala ng bagong simula si Jesus.**

**2.1** Dumating si Jesus para manahan sa atin. Iniligtas Niya tayo sa ating sariling "kabaong"-kahon ng mga patay na bagay sa buhay natin na naglilimita sa atin. Sa isang hipo lang, sa isang salita ni Jesus, lahat tayo ay magkakaroon muli ng buhay.

**2.2**Gusto ng Diyos na laging banggain ang anumang tapos na sa buhay natin. Gusto Niya ang ating papuri para madaig natin ang kalungkutan. Gusto Niya ang ating papuri para maibalik Niya ang nawala sa atin.

**2.3** Kung hinipo ng Diyos ang mga bagay sa ating buhay na walang laman at sabihin Niyang "Tumayo Ka!", mababawi natin ang mga ninakaw ni satanas.

**2.4** Kung tayo'y nasa "kahon ng kalungkutan, pagluluksa, pagkagumon…"babanggain ng kapangyarihan ni Jesus ang mga ito, at manunumbalik ang kasiglahan ng lahat.

**2.5** Hindi nakakulong si Jesus sa gusali ng simbahan. Namumuhay Siya kasama natin, lalong lalo na sa mga taong tinalikuran, nalulumbay, at sa mga taong may pagsubok sa relasyon. Mailalabas Niya tayo sa ating "kahon."

**2.6** Hinipo ni Jesus ang "kabaong" kung saan nakalagay ang binata. Hindi tayo mailulugmok ng ating mga pagsubok. Sa isang hipo lang, mawawala ang dusa at lungkot, at mapapalitan ito ng pag-asa. Walang makapipigil na maganap ang mga plano ng Diyos sa atin, isang buhay na ganap at kasiya-siya .

**2.7** Papalitan ng Diyos ang ating panaghoy ng tuwa't galak sa ating buhay.

**3.Konklusyon:**

Walang ibang kapangyarihan kundi ang kapangyarihang galing sa Diyos. Sa isang hipo lang, ang ating dalamhati ay mapapalitan ng pag-asa. Kung nabangga ng kapangyarihan ni Jesus ang mga di magagandang nangyayari sa buhay natin, asahan natin makatatanggap din tayo ng magagandang bagay. Manalig tayo sa ngalan ni Jesus, na tayo'y nahipo na, magaling na, at nailigtas na.

**Pagninilay:**

1. Ano-ano ang mga kahon/kabaong sa iyong buhay na nangangailangang mahipo ng Diyos?
2. Ano-ano ang mga unos sa iyong buhay na naghihiwalay sa iyo sa pag-ibig ng Diyos?
3. Ano-ano ang mga bahagi ng iyong buhay na nagbibigay sa iyo ng limitasyon at nagdudulot ito ng kawalan ng pag-asa? Handa ka na bang mabangga ni Jesus?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

Tags: #kawalanngkakayahan, #pag-asa, #Pagpupuri #HipoNgDiyos, #tumindigka